

Taon XXXII Blg.7 Hulyo 2002

Editoryal

Rebolusyonaryong pakikibaka, pag-asa para sa tunay na repormang agraryo

a okasyon ng ika-14 na anibersaryo ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) noong Hunyo 10, ipinangalandakan ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang diumano'y mga tagumpay nito sa pagpapatupad ng repormang agraryo. Anito, ang naipamahaging lupaing agrikultural sa taong ito ay higit pa nang 4,261 ektarya sa target na 100,000 ektaryang mga pribadong lupain na itinakda ni Macapagal-Arroyo sa kanyang State of the Nation Address noong 2001. Ito rin daw ang pinakamalaking bilang ng Certificate of Land Ownership Award (CLOA) na naipamahagi sa loob ng isang taon sa buong kasaysayan ng CARP.

Ang totoo, ito ang pinakamababang bilang ng naipamahaging CLOA. Bago ito, ang pinakamababang bilang ay ang 111,665 ektaryang ipinamahagi umano ng rehimeng Aquino sa unang taon ng CARP.

Hindi rin lahat ng lupang sinasabi nilang naipamahagi ay pribado: mga 35,000 ektarya nito ay itinuturing na mga lupaing publiko. Masahol pa, batbat ng mga anomalya at pagkukunwari ang pamamahagi ng mga ito. Kabilang na rito ang mga sumu-

